Malugod na iniimbitahan ng San Francisco Department of Homelessness & Supportive Housing at Local Homeless Coordinating Board ang komunidad para patuloy na suportahan ang pagpapahusay ng Coordinated Entry (CE) sa San Francisco.

Aplikasyon para sa CE Redesign Implementation Committee

Tumulong na hubugin ang kinabukasan ng Coordinated Entry sa San Francisco

Kumpletuhin ang aplikasyon para sa CE redesign implementation committee sa pamamagitan ng pag-click sa link na ito o pag-scan sa QR code. Dapat isumite ang mga aplikasyon sa Hunyo 2, 2023.

Hihilingin sa mga miyembro na:

- Magsilbing isang pangunahing partner sa pagpapatakbo ng mga rekomendasyon ng workgroup ng redesign
- Bumuo ng charter para sa committee
- Magpulong kada buwan (at posibleng magpulong kada dalawang linggo sa unang ilang buwan) at maglaan ng tinatayang 4–6 na oras kada buwan para sa committee nang tuloy-tuloy (tinatayang 1–2 taon)

Naghahanap ang HSH at LHCB ng mga miyembro ng committee na may mga sumusunod na karanasan at kaalaman:

- Mga taong may kasalukuyan o nakaraang karanasan sa kawalan ng tirahan at/o personal na gumamit ng sistema ng Coordinated Entry ng San Francisco o nakaranas ng mga problema sa CE
- Coordinated Entry para sa Pamilya o pagbibigay ng mga serbisyo sa mga pamilya
- Coordinated Entry para sa Nasa Hustong Gulang o pagbibigay ng mga serbisyo sa mga nasa hustong gulang
- Coordinated Entry para sa Kabataan o pagbibigay ng mga serbisyo sa kabataan
- Working Group para sa Ligtas na Pabahay / Karahasan sa Tahanan o pagbibigay ng mga serbisyo sa mga taong naging biktima ng karahasan
- Mga taong may kasalukuyan o nakaraang karanasan sa criminal justice system o pagbibigay ng mga serbisyo sa mga taong may karanasan sa criminal justice system

Para sa mga tanong o para mag-apply sa telepono, tumawag sa: 415-57-8860
hshcoordinatedentryredesign@sfgov.org

DEPARTMENT OF HOMELESSNESS AND SUPPORTIVE HOUSING